# Bakit nga ba ipinahintulot sa Islam ang pagkain ng mga karneng pula at puti?

Ang mga karne ay pangunahing pinagmumulan ng protina, at ang tao ay nagtataglay ng mga ngipin na patag at mga ngipin diretsu, ang mga ngipin na ito ay nababagay at handa para sa pagnguya ng mga karne. Nilikha ng Allah ang mga ngipin ng tao na naangkokp para sa pagkain ng mga tinanim, bunga at mga hayop, at nilikha ng Allah ang sangkap na tumutunaw sa mga ito, kung kayat ito ay patunay lamang na maaring kainin ang ma nturang pagkain.

"... Pinahintulutan sa inyo ang mga hayop na pangkaraniwan..." [266]. (Al-Ma'idah: 1).

Ang Banal na Quran ay nagbigay ng ilang mga patakaran hinggil sa pagkain:

"Sabihin: Hindi ko nakikita sa anumang ipinahayag sa akin na ipinagbabawal para sa isang taong kumakain, maliban kung ito ay patay na hayop, dumadaloy na dugo, o laman ng baboy—sapagkat ito ay marumi—o kasalanan na inihandog sa iba bukod sa Allah. Ngunit kung ang sinuman ay napilitan (kumain) nang hindi sinasadya o lumampas, kung gayon ang iyong Panginoon ay Mapagpatawad, Maawain." [267]. (Al-An'am: 145).

"Ipinagbabawal sa inyo ang patay na hayop, dugo, laman ng baboy, at anumang inihandog sa iba bukod sa Allah, ang mga sinakal, binugbog, nahulog, sinuwag, at kinain ng mabangis na hayop—maliban kung inyong kinatay nang maayos—at ang inihandog sa altar. At ang paggamit ng mga pana (para sa paghahanap ng desisyon); ito ay kasalanan." [268]. (Al-Ma'idah: 3).

Sinabi ng Allah:

"Kumain at uminom kayo, ngunit huwag mag-aksaya. Tunay na hindi Niya minamahal ang mga nag-aaksaya." [269]. (Al-A'raf: 31).

Sinabi ni Ibn Al-Qayyim (sumakanya nawa ang awa ng Allah): "Pinatnubayan ng Allah ang Kanyang mga alipin na kunin ang kinakailangan para sa katawan mula sa pagkain at inumin, at ito ay dapat na ayon sa dami at kalidad na makikinabang sa katawan. Kung ito ay lalampas dito, ito ay magiging labis, at pareho ay nakasasama sa kalusugan, nagdudulot ng sakit, ibig sabihin ang kakulangan ng pagkain at inumin, o

ang labis dito. Ang pagpapanatili ng kalusugan ay nasa dalawang salitang ito." "Zaad Al-Ma'ad" (4/213).

Sinabi ng Allah tungkol sa katangian ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan): "... Pinapayagan Niya para sa kanila ang mga mabuti at ipinagbabawal ang mga masama..." [271]. At sinabi rin ng Allah: "Itatanong nila sa iyo kung ano ang pinahintulutan sa kanila. Sabihin: Ang lahat ng mabuti ay pinahintulutan para sa inyo..." [272]. (Al-A'raf: 157). (Al-Ma'idah: 4).

Kaya't ang bawat mabuti ay halal, at ang bawat masama ay haram.

Ipinaliwanag ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) kung ano ang dapat gawin ng mananampalataya sa kanyang pagkain at inumin: "Walang lalagyan na pinuno ng isang tao na mas masama kaysa sa kanyang tiyan. Sapat na sa anak ni Adan ang ilang kagat na magpapanatili sa kanya. Ngunit kung kinakailangan, ang ikatlong bahagi ay para sa kanyang pagkain, ang ikatlong bahagi para sa kanyang inumin, at ang ikatlong bahagi para sa kanyang paghinga." [273]. (Isinalaysay ni Al-Tirmidhi).

Sinabi rin ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan): "Walang pinsala at walang magdudulot ng pinsala." [274]. (Isinalaysay ni Ibn Majah).

سؤال وجواب حول الإسلام
Reference: https://www.womentreatment.com/qa/tl/show/100/
Arabic Reference: https://www.womentreatment.com/qa/ar/show/100/
Wednesday 17th of June 2026 04:20:12 PM